



3. Mga pamamaraan na nagbibigay ng tamang gabay sa pagbibigay ng tamang sustansya sa palay gaya ng paggamit ng LCC, MOET, RCM, at Soil Test Kit.



Leaf Color Chart (LCC)

Sinusukat nito ang nitrohenong kailangan ng palay batay so tingkad ng kulay ng dahon nito.



Minus-one Element Technique (MOET)

Ito ay eksperimento gamit ang mga paso at *ICT-based application*. Tinutukoy nito ang kakulangan ng sustansyang kailangan para sa minimithing dami ng ani.



Rice Crop Manager

Isa itong *ICT-based platform* na nagbibigay ng tiyak na rekomendasyon sa tamang sustansiya at iba pang pamamahala ng palay bases sa sagot sa katanungan sa pagpapayanan



Soil Test Kit

Gamit so pagsuri ng lupa at mabills na paraan so pagtukoy ng *soil health* at pagtugon so kaukulang sustansiyang kailangan ng lupa ayon so pananim



**DEPARTMENT OF AGRICULTURE
REGION IV-CALABARZON**

Regional Agriculture and Fisheries
Information Section
2023

Lipa Agricultural Research and Experiment
Station (LARES) Brgy. Maraouy,
Lipa City, Batangas



Department of Agriculture RFO 4-A



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



**BALANCED
FERTILIZATION
STRATEGY**

*Abonong Swak: Swak sa Budget,
Swak sa Palay*

ANO ANG BALANCED FERTILIZATION STRATEGY (BFS)?

Ang *BFS* ay isang pamamaraan ng pag-aabono kung saan pinahahalagahan ang tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya upang matustusan ang nutrisyunal na pangangailangan ng pananim, at matiyak na mapanatiling malusog ang lupa para sa masaganang ani sa mahabang panahon.

Gumagamit ito ng konseptong 4Rs: (1) *Right Source*, (2) *Right Placement*, (3) *Right Amount*, at (4) *Right Rate* sa pag-aabono. Ito ay upang mapaganda ang kalidad ng lupa, maiwasan ang pagbaba ng *soil fertility* at matulungan ang mataas na pangangailangan sa pataba, maging presyo nito. (Source: FPA)

MGA SIMPLENG PAALALA SA PAGGAMIT NG PATABA

- ✓ Tamang uri ng sustansyang kinakailangan

Tandaan na ang *Nitrogen*, *Phosphorus*, at *Potassium* ang pangunahing kinakailangan ng palay.



- ✓ Tamang Damí

Laging isaisip na ang sobra o kulang ay nakakasama sa palay at sa lupa.



- ✓ Tamang Panahon

Isaalang-alang ang tyempo ng paglalagay upang mapakinabangan ng palay ang sustansiyang ilalagay.



MGA REKOMENDASYON

1. Tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya.

Ang organikong pataba ay nakakatulong upang mapataas o mapanatili ang nilalamang organismong makakatulong na mapanumbalik ang magandang kundisyon ng lupa sa palayan. Mapaparami nito ang mga *microorganisms* na tumutulong sa pagbibigay ng sustansya sa lupa.



Benepisyong Paggamit ng Organikong Pataba

2. Mamili ng tamang kombinasyon ng organiko at inorganikong pataba

PATABA	TIYEMPO NG PAGA-APPLY	DAMI NG PATABA AT TARGET NA ANI		
		COMBO 1	COMBO 2	COMBO 3
Dayami	30 araw bago maglipat-tanim	3-4 Tons Dayami	5-6 Tons Dayami	7-8 Tons Dayami
Chicken Manure, Commercial organic fertilizer o vermicompost	14 na araw bago maglipat-tanim	10 bags	10 bags	10 bags
Zinc Sulphate Fertilizer	7-10 na araw matapos ang pagpupunla		1-2 kg	1-2 kg
Triple 14 Complete Fertilizer	10-14 araw matapos ang pagpupunla EARLY GROWTH STAGE 0-14 na araw matapos ang pagbubungkal o 10-14 na araw matapos ang pagpupunla	2-4 kg 1 bag	2-4 kg 2 bags	2-4 kg 4 bags
Urea	ACTIVE TILLERING STAGE 18-31 na araw matapos ang pagbubungkal o 24-40 na araw matapos ang pagbubungkal 28-40 na araw matapos ang pagbubungkal		1bag 2 bags	2 bags 2 bags
Muriate of Potash Fertilizer	PANICLE INITIATION STAGE 38-62 na araw matapos ang pagpupunla		1/2 bag 1/2 bag	1 bag
Ani:		3-4 Tons	5-6 Tons	7-8 Tons

Rekomendadong gamit ng Organiko at inorganikong pataba sa palayan